


Mag-ingat sa panloloko!

Kung sa tingin ninyo ay kakaiba--magkonsulta kaagad



Dito sa Japan ay dumadami na ang mga nabibiktima ng mga panloloko.

Marami na ang nakuhanan ng pera o pag-aari dahil sa iba'ibang scam at mga panloloko. Mga pandaraya ng virtual currency, pekeng pagsisingil, business scam, phishing scam, one-click scam, pekeng Instagram, marriage scam at iba pa. Maging sino man, ano mang edad, o maging dayuhan man kayo dito sa bansa ay maari kayong masangkot sa mga panloloko at scam na katulad ng mga nabanggit.

Sa ibaba ay ilang halimbawa ng mga kaso ng “romance scam” kung saan ay dumarami na ang nabibiktima.

<Case 1>

Nagsimula ang lahat noong magkakilala kami sa isang matching app ng isang westerner. Naging mag contact friend kami sa LINE. Halos araw-araw ay nag me-message sya sa akin. Noong una ay nagsuspetsa ako na maaring niloloko lang nya ako. Subalit sa malimit naming pagpapalitan ng messages at sa kanyang mga pananalita pakiramdam ko ay totoo ang kanyang nasasaloob kung kaya't naniwala na rin ako.

Sa SNS kagaya ng LINE, kahit na hindi pa nagkikita ng personal ang dalawang tao ay maari silang mag-usap tungkol sa kasal at makipagpalitan ng iba't ibang impormasyon. Maaring alukin kayong mamuhunan sa isang negosyo para kumita at makaipon para sa inyong dalawa o kaya magbenta dito sa Japan ng mga produkto na galing sa ibang bansa. At kasabay ng matatamis na pananalita at panunuyo ay ang pangangailangan ng pera.

<Case2>

Isa akong Filipina, 35 taong gulang at naninirahan dito sa Japan. Sampung taon na ang lumipas mula ng mamatay ang aking asawa at mag-isa na lang akong namumuhay. Nakilala ko ang isang westerner sa isang “Make Friends” app chat at mula noon ay araw-araw syang nagme-message sa akin. Nang lumaon ay naging palagay ang loob ko sa kanya at napunta sa usapan ng pagpapakasal. At para maiayos ang aming kasal ay kailangan daw ang 1 million yen. Naniwala naman ako at ipinadala ko sa kanya ang pera. Subalit mula noon ay hindi ko na sya makontak. Hindi ko na din nakuhang maibalik ang aking pera.

<Case 3>

Isa akong Japanese. Nakilala ko ang isang babaeng taga South Asia sa isang SNS chat app at kami ay naging magkaibigan. Pupunta daw sya sa Japan para mag-aral. Ipadadala daw nya ang kanyang bagahe at kung maari

daw ay bayaran ko muna ang luggage fee na 350,000 yen. ※ Mag-ingat tayo sa mga scam at panloloko na kagaya ng ganito. Huwag kaagad magtiwala o pumayag na tatanggap ng bagahe o papadala ng pera. Ang perang ipagkakatiwala ninyo ay malamang hindi na maibabalik sa inyo.



◇ Sa ganitong mga kaso, tumawag lamang sa “Consumer Hotline 188”

Mag-ingat tayo sa mga scam, pandaraya, at iba pang mga panloloko na maaring mangyari maging sa pang-araw araw na pamumuhay. Kung sakali mang sa tingin ninyo ay kakaiba at ito ay maaring isang panloloko, tumawag lamang sa Consumer Hotline 188. Para sa pulisya “110”, para sa sunog, emergency o ambulansya “119”. Maliban sa scam at mga panloloko, tumawag din sa “Consumer Hotline 188” para sa mga problemang pang-konsumo.

◇Maari ding kayong humingi ng pagpapayo sa FICEC.



May problema ako at kailangan ko ng pera. Naghahanap ako ng trabaho. Paano ang gagawin ko?

Sa inyong smartphone ay may mga sites kagaya ng “trabaho sa Japan” atbp. Mayroon ding mga magasin na may work ads sa mga estasyon at supermarket. At kung maglalakad-lakad kayo may mga tindahan na may nakapaskel na “Staff wanted”. Maari kayong magsadya mismo, magtanong tungkol sa trabaho at kung maari kayong mag-aply. Maari din kayong magpa-rehistro sa isang dispatch company o ahensya kagaya ng CREATIVE, at sabihin kung ano ang inyong nais, kagaya ng “Gusto kong magtrabaho sa kumpanya na arawan ang pasuweldo”. Ihahanap nila kayo ng kumpanya na maaring nasa peak season sa kasalukuyan at nangangailangan ng mga trabahante. Para makakuha kayo ng trabaho kailangang ligal ang inyong status of residence. Maaring sabihin nila na tumatanggap sila ng mga dayuhan at hindi kailangang bihasa kayo sa Nihongo. Ganun pa man mas marami kayong mapagpipiliang trabaho kung bihasa kayo sa Nihongo. Mas madaling makapamuhay dito sa Japan kung kayo ay marunong sa Nihongo.

Isa akong overstay at wala akong visa. Paanong gagawin ko upang makagpa-bakuna para sa COVID-19

Noong nakaraang buwan ng Mayo ay ipinahayag ng pamahalaan ang pagbibigay ng bakuna maging sa mga dayuhang walang status of residence (mga overstay o may temporarily release). Sa pangkaraniwan ang vaccination ticket ay ipinapadala sa postal address ng mga tao, kasama ang mga dayuhang walang status of residence pero sa kasalukuyan ay walang balita tungkol dito. Kailangang magpakita ng vaccination ticket sa pagpunta sa ospital kung kaya’t ang magagawa ay antayin na lamang na dumating ang vaccination ticket. (Pagbabalita ni Mr. Iwahashi, NPO POSSE)

Magkonsulta sa **FRESC** (Tel. 03-5363-3015) o sa **FICEC** (Tel. 049-269-6450)

Drawing Contest

Halina na at isali ang inyong gawang drawing!

- Tema-- [drawing ng sarili, pamilya, at iba pang tema]
- Sino ang maaring sumali:
 - 1) Sinumang naninirahan o nag-aaral sa mga bayan ng Fujimino-shi, Fujimi-shi, at Miyoshi-machi
 - 2) Sinumang miyembro o sumali sa mga aktibidad ng FICEC
 - 3) Hanggang 18 taong gulang na mga batang may magulang na dayuhan
- Mga materyal na gamit sa pag drawing: Coloring materials, poster colors, crayons, felt-tip pens, colored pencils [Maaring gamitin ang coloring materials na hinanda ng FICEC]
- Laki ng drawing paper: kahit gaano ang laki
Maari ding gamitin ang drawing papers na hinanda ng FICEC.
- Hanggang Marso 31, 2022
- Grupo o Katagorya:
 - Group A: Hanggang ika-2 baitang sa elementarya
 - Group B: Ika-3 baitang ~ ika-6 baitang sa elementarya
 - Group C: mga estudyante sa Junior high school at High school (hanggang 18 taong gulang)
- Pagbibigay ng award at premyo /Pagbibigay ng award sa pagsali ay ipagkakaloob sa lahat na sumali) ※(Gold, Silver Award at Honorable mention sa bawat katagorya)
Premyo: Tablet, blue-tooth earphone, at marami pang iba
Ang mga larawan ay ipapakita sa city hall gallery
- Mag-aply sa FICEC Tel. 049-256-4290.
Tagapamahala: Ms.An at Ms. Yamahata

Pag recycle ng mga school uniform, gamit pang-gym at mga jersey

Pinagsisikapan ng Fujimino City Fukushi Sougou Soudan Center ang pag-recycle ng mga school uniform, pang-gym na gamit, at mga jersey para sa mga public junior high school sa syudad. Libre itong ipamimigay sa mga estudyanteng kailangan ang uniporme at pang-gym na kasuotan kung sila ay lumipat mula sa ibang paaralan o kaya kailangang bumili ng pamalit. Huwag mag-atubili at magsadya lamang sa tanggapan. Gayundin sa iba pang mga junior high schools sa syudad. Tumawag at magsadya lamang sa mga paaralan
※Para sa detalye : Fujimino City Fukushi Sougou Soudan Center **Niji-iro 049-265-6300**

Nepali edisyon ng “Gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay” sa Fujimino City

Mga serbisyo at paraan ng proseso sa city hall at impormasyon sa pang-araw-araw na pamumuhay sa Japan ay nakalathala.



Nakasalin din sa iba pang mga wika: **English, Simpleng Nihongo, Chinese, Korean, Filipino, Portuguese, Vietnamese, at Nepalese.**

Makakuha ng libreng kopya sa FICEC.